# Ang Implikasyon ng Abolisyon ng Prostitusyon sa Ilalim ng Administrasyon nina Mayor Justo Lukban at Mayor Alfredo Lim

000783

Isang Undergraduate na Tesis na
Iniharap sa Kolehiyo ng Sining at Agham
ng Pamantasang De La Salle - Aguinaldo

Bilang Bahagi ng Katuparan
ng mga Pangangailangan para
Makamit ang Titulong
A.B Political Science

Ni
Annaliza H. Ilawan
Feb. 10, 1994

AKLATANG EMILIO AGUINALDO

# TALAAN NG NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| Tagubilin para sa Pagsusulit na Oral | |
| Abstrak | |
| Pasasalamat | |
| Dedikasyon | |
| Talaan ng Nilalaman | |
| Kabanata | |
| 1. ANG SULIRANIN AT ANG NILALAMAN | |
| Panimula | 1 |
| Paglalahad ng Suliranin | 4 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral | 5 |
| Saklaw at Hangganan ng Pag-aaral | 5 |
| Katuturan ng mga Katawagang Ginamit | 5 |
| 2. MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITARATURA | |
| Banyaga | 9 |
| Kaugnay na pag-aaral sa Bangladesh | 12 |
| Kaugnay na pag-aaral sa Indonesia | 17 |
| Kaugnay na pag-aaral sa Thailand | 19 |
| Kaugnay na pag-aaral sa Malaysia | 21 |
| Kaugnay na pag-aaral sa Nepal | 24 |
| Pampook | 27 |
| 3. METODOLOHIYA | |
| Pamamaraan sa Pananaliksik | 33 |

Paksang Pag-aaralan 33

Pamamaraang Ginamit 33

4. PAGLALAHAD, PAG-AANALISA AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS 35

5. MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Natuklasan 49

Kongklusyon 51

Rekomendasyon 52

Talasalitaan

Apediks

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Abstrak

Pamagat ng Tesis : Ang Implikasyon Ng Abolisyon Ng Prostitusyon Sa Ilalim Ng Administrasyon Nina Mayor Justo Luban At Mayor Alfredo Lim.

May-Akda : Bb. Annaliza H. Ilawan

Pangalan ng Dokumento : Tesis

Pangalan at Lugar ng Institusyon : Pamantasang De La Salle - Aguinaldo Dasmarinas,Cavite

Bilang ng Pahina : 53

Buod :

<u>Mga Suliranin :</u>

1. Ano ang prostitusyon ?

2. Paano nagsimula ang suliraning ito sa Maynila ?

3. Paano binigyang-lunas ang lumaganap na prostitusyon noon sa ilalim ng administrasyon ni Mayor Justo Lukban at ngayon, sa administrasyon naman ni Mayor Alfredo Lim ?

4. Ano ang inilaang programa sa mga naging biktima ng prostitusyon sa ilalim ng administrasyon ni Mayor Justo Lukban at Mayor Alfredo Lim ?

5. Ano ang nakalaang parusa sa mga may-ari at mga may katungkulang nagbibigay proteksyon sa paglaganap ng prostitusyon sa ilalim ng panunungkulan ni Mayor Alfredo Lim ?

6. Ano ang naging implikasyon ng ordinansa o batas na ipinatupad ni Mayor Justo Lukban at ni Mayor Alfredo Lim ukol sa abolisyon ng prostitusyon ?

Kahalagahan ng Pag-aaral

Upang magkaroon ng ibayong kaalaman ang ilang mag-aaral at kabataan na makababasa sa paksang napili kung ano ang mga dahilan at kung bakit sila napasok sa ganitong uri ng buhay.

Upang ang mga kababaihang nagmamalasakit sa kanila ay walang sawang tumulong sa mga kababaihang naging biktima ng prostitusyon.

Saklaw at Hangganan ng Pag-aaral

Ito ay sumasaklaw lamang sa mga kababaihang naging biktima ng prostitusyon sa lungsod ng Maynila at sa Ordinansang ipinatupad ni Mayor Alfredo Lim tungkol sa abolisyon ng prostitusyon sa Mabini, Ermita. May paghahalintulad din sa pamamalakad ni dating Mayor Justo Lukban.

METODOLOHIYA:

Pamamaraan sa Pananaliksik

Ang paraang palarawan ang siyang ginamit sa pag-aaral na ito sapagkat ang paraang palarawan ay naglalayong mangalap ng impormasyon ukol sa pangkasalukuyang kondisyon. Ang layunin nito ay

ilarawan ang naturang sitwasyon at masuri ang ilang partikular na pangyayari.

<u>Paglalahad, Pag-aanalisa at Interpretasyon ng mga Datos</u>

1. Ang prostitusyon ay isang panlipunang kasiraan na nagbabanta sa pagkawasak ng alinmang katapatan ayon sa mabuting asal ng isang mamamayan. Ang patuloy na kapariwaraan ay naghahatid ng masamang ehemplo sa nasasakupan nito.

Sinasabi rin na ang prostitusyon ay tumutukoy sa malalaswang gawain na isinasakatuparan ng ibang taong nasasangkot dito. (Ord. No. 7791, Manila ; 1993)

2. Nagsimula ang prostitusyon sa Pilipinas noong dumating ang mga dayuhan dito sa bansa. Naging alipin ang ating mga katutubo at lalo ang mga kababaihan. At dahil sa kahirapang dinaanas ng ating mga kababaihan sa kamay ng mga dayuhan ay napilitan na lamang silang ipagbili ang kanilang katawan upang mabawasan ang kahirapan. Dito nakikita na ang pagsakop sa atin ay may malaking bahagi sa paglaganap ng prostitusyon sa Pilipinas lalo na sa Maynila (Daily Inquirer, 1991)

3. Sa panahon ng panunungkulan ni dating Mayor Justo Lukban, siya ay nagpalabas ng isang kautusan na likumin lahat ang mga kababaihang nasasangkot sa

prostitusyon sa kanyang nasasakupan. Sa ilalim naman ng Administrasyon ni Mayor Alfredo Lim, siya ay nagpatupad ng Ordinasa Blg. 7791 at Ordinansa Blg. 7783 na siyang gabay upang puksain ang prostitusyon sa kanyang nasasakupan.

4. Sa ilalim ng pamamahala ni dating Mayor Justo Lukban ang mga kababaihang nasangkot sa prostitusyon ay kanyang pinadala sa Davao at doon binigyan ng trabaho.

Sa ilalim naman ng administrayon ni Mayor lim ay walang nakalaang programa sa mga kababaihang nasasangkot sa prostitusyon sapagkat ang tanging layunin ni Mayor Alfredo Lim ay ibalik sa dating katahimikan ang kanyang nasasakupan.

6. Panandaliang nabigyan ng solusyon ni dating Mayor Justo Lukban ang prostitusyon sa kanyang nasasakupan subalit ang naging bunga ng kanyang isinagawang abolisyon ng prostitusyon ay naging daan upang hindi niya maipagpatuloy ang kanyang panunungkulan bilang Mayor sapagkat nilabag niya ang karapatang pantao.

Malaki ang naging implikasyon ng abolisyon ng prostitusyon sa ilalim ng Administrasyon ni Mayor Alfredo Lim dahil nagkaroon ng tiwala ang mga tao sa kanyang kakayahan sa pagsugpo ng masasamang ehemplo sa kanyang mga nasasakupan.

Natuklasan

Ang pangunahing dahilan ng prostitusyon ay ang kahirapan, malaking bilang ng pamilya na hindi kayang matustusan, walang sapat na kaalaman at kawalan ng pantustos upang makamit ang edukasyon at maling kaisipan na ito lamang ang tanging makapag-aahon sa kanila sa kahirapan dahil wala silang pinag-aralan.

Konklusyon

Mula sa natuklasan sa pag-aaral ang mga sumusunod ay ang mga konklusyong mailalahad :

1. Ang prostitusyon ay masasabing pangkapaligirang suliranin na kinakailangan ang sapat at masusing pag-aaral.
2. Ang pangunahing dahilan ng prostitusyon ay ang kahirapan.
3. Kailangan ng buong suporta ng ilang mamamayan upang maibalik ang normal na kalagayan ng Maynila.

Rekomendasyon

Narito ang ilang rekomendasyong maaaring makatulong sa abolisyon ng prostitusyon :

1. Panatilihin ang tapat na serbisyong pinagkatiwala sa ilang nanunungkulan.
2. Buwagin ang mga negatibong puwersa na kumukunsinti sa patuloy na paglaganap ng prostitusyon sa Maynila.

3. Bigyan ng alternatibong pangkabuhayan ang mga kababaihang naging biktima ng prostitusyon.

   a) Mabigyan ng pagkakataon sa arangan ng edukasyon, kalusigan,pagpaplano ng pamilya, mga kooperatiba sa mga pagawaan at industriya, sa komersyo at negosyo, trabaho relihiyon, social welfare at social services, maging sa sariling kapaligiran.

4. Mapaayos ang kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan at bigyang halaga ang gampanin nila para sa kaunlaran.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines